# PALUTANG

Ronnie M. Cerico

# PALUTANG

"GARAHE NA MUNA natin ang Palutang[1] bukas?" ito ang tanong ni Pay Ampa sa dalawang tauhang paralawod[2] habang nasa gitna ng laot. Walang imik ang dalawa habang mabilis na inaahon ang kanilang lambat sa magdamagang pamamalakaya.

Ilang magkakasunod na ring gabi na hindi man lang malangsahan ang kanilang hikot[3] at bangkang de-motor. Sira ang kamada. Ni hindi man lang makabawi sa gastos sa baon at gasolina. Lalo pa ngayon, may panibagong bagyo na namang namumuo sa Pasipiko.

Kinabukasan, tanghali na'y naghihilik pa rin si Pay Ampa. At kahit tanghali na'y nakapinid pa rin ang kanilang pinto. Sarado ang mga bintana. Nabulahaw lang ang tulog nang sabay-sabay na bumusina ang tatlong nakamotorsiklo sa kanilang tarangkahan. Kahit di niya silipin, alam niya kung sino-sino ito at kung ano ang mga pakay—mga tauhan ng tatlong higanteng kooperatiba sa banwa.

Agad niyang tinungo ang kusina nang wala na ang mga nakamotorsiklo sa labas. Nagsawa na marahil sa kabubusina at kahihintay. Nagtimpla ng kape at kumuha ng pandesal. Agad nagtungo sa likod-bahay upang sipatin ang lagay ng dagat. Nadatnan niya ang asawang naglalaba. Matalim ang tingin sa kanya. Siya namang pagdating ng dalawang kasamang paralawod.

“Kape muna kayo.” Ito agad ang bungad ni Pay Ampa sa dalawa. “Ano bang atin.”

“Tsip, tanghali na, ah. Dadagdag sana kami sa aming lista,” ang sagot ni Botoy.

“Pambigas lang, Tsip,” segunda ni Kiki na siyang pinakabata sa grupo.

“Bule ni iti niyong duwa, lista na naman! Puno na ang listahan! Ni wala nga kayong kaliskis na nalalambat!” biglang sabat ni Nay Osang nang marinig ang sadya ng dalawa.

Napakamot na lamang ang dalawang paralawod. Kahit papano’y sanay na rin ang kanilang mga tenga sa mala-pating nitong bunganga.

Kahit si Pay Ampa ay inis na rin sa bungangerang asawa. Tila binabalasang baraha. Marahil ay natalo na naman sa magdamagang pakikipagsugal sa kaniyang mga kumare. Naisip niya.

Sinenyasan niya na lamang ang dalawa na sumunod sa aplaya. Iniwan si Nay Osang na nagbubunganga. Dun na lang sa kaniyang bangkang de-motor uubusin ang almusal at itutuloy ang usapan. Dito niya na rin inabot ang limandaan na paghahatian ng dalawa.

“Tsip, ididiskarga na ba namin ang hikot at makina? Mailap ang dangop[4]. Sira pa ang kamada ng dagat dahil sa paparating na bagyo.”

“Wag na muna. Bukas na. Dalawang araw pa naman bago pumasok ang bagyo. Pahinga na muna kayo.”

“Tsip, pwede pa namang maglawod. Baka ngayon ang swerte. Kaya pa naman.”

“Tama na muna.”

Inutusan niya na lang ang dalawa na kunin sa loob ng bangkang de-motor ang mga container ng gasolina. Nagpasyang ‘di na muna pumalaot. Kahit makulit ang dalawa.

Mabibigat ang kanyang hakbang pabalik sa kanilang bahay. Lumulubog ang mga paa sa buhanginan. Maririnig niyang muli ang sabay-sabay na busina ng tatlong nakamotorsiklo sa harapan ng kanilang bahay. Dito magsisimulang lumutang at magsasalimbayan ang napakarami niyang alalahanin. Ang bunganga ng asawang parang binabalasang baraha. Ang tatlong pinagkakautangan niya para sa pagpagawa ng kaniyang bangkang de-motor at pagbili ng hikot at makina. Ang anak na nag-aaral sa banwa. Ang gabi-gabing mailap ang langsa. At ang mahabang lista ng kanyang dalawang tauhan.

Agad niyang binalikan sina Botoy at Kiki na nakasampa pa rin sa bangka. Sinenyasan niya ang dalawa at agad nalambat ang kanyang gustong mangyari. Inalog-alog ang *container* ng gasolina. Sinilip ang tangke ng makina. Nagsalin muli habang sinisipat ni Pay Ampa ang direksyon ng hangin at mga alpadora[5] sa laot.

[1]Palutang- isang bangkang (de-motor) pangisda sa Catanduanes na ang pangunahing hinuhuli ay isdang tulingan at iba pang malalaking isda.
[2]Paralawod- tawag sa mga mangingisda
[3]Hikot- lambat
[4]Dangop- puwesto sa laot na pinaniniwalaang maraming isda
[5]Alpadora- malalaking alon sa laot

## PATONG

"UNAHIN MO MUNANG sarhan ang tindahan Sol bago mo kaliskisan ang isdang idadaing," nakangiting utos ng rigatong[1] si Rosa habang binibilang ang kinita sa kalahating araw lang na bentahan ng isda sa kanilang puwesto sa talipapa. Katanghaling tapat. Maalinsangan.

Buhat kasi nang dumaong sa kanilang isla ang sakit na pumipeste sa mga baboy, nalambat ang atensiyon ng mga mamimili sa puwesto ng mga isda sa talipapa. Kahit ginto ang presyo. Kahit hanggang leeg ang patong ng presyo ng isda nang mga rigatong katulad ni Rosa.

Nagtitira talaga sina Rosa at ang katuwang niyang si Sol ng mga idadaing na isda. Paghahanda na rin sa nalalapit na pagtatapos ng dulom[2].

Natapos na rin ang pagbibilang ni Rosa. Napatingin siya kay Sol na abala pa rin sa pangangaliskis ng mga idadaing na tamban at isdang-lawin.

Biglang dumaong sa kanyang isipan kung paano rin ito nabingwit sa pagririgaton. Datirati'y ang asawa niyang si Rich ang katulong niya sa hanapbuhay. Dahil sa mataas na bentahan, madalas itong magpakalunod sa alak at mga pagkaing lumalangoy sa taba. Ngayon, mahigit isang taon nang paralisado. Kung noon pa sana nagkaroon ng pestehan ng baboy, malamang malusog pa rin ito.

Nahirapan si Rosa sa una. Mahirap pagsabayin ang pagririgaton at pag-aalaga sa asawa. Kaya't nang mag-*resign* sa trabaho si Sol at umuwi sa isla mula sa Ibong, at malaman ang kaniyang sitwasyon, agad itong nagpahayag ng pagtulong. Kahit walang bayad. Walang kapalit.

Nahihiya man sa kababata't matalik na kaibigan, sinunggaban niya ang kagandahang-loob nito lalo't solong buhay at dalaga pa. Buong-pusong pinatuloy niya ito sa kanilang tahanan.

Masipag si Sol. Maganda. At malakas na tila lalaking tinangay ng mga alon at napadpad sa maling katawan ng babae.

Siya na ang kasa-kasama ni Rosa sa aplaya. Sa pakikipagtawaran at pamamakyaw ng mga huling isda ng mga paralawod. Siya na rin ang nagtitipak ng mga bloke ng yelo at katulong sa pagbubuhat ng mga kanestro at *ice box.* At nagbabantay sa kaniyang asawang si Rich, nagpapaligo at nagbibihis kapag walang mapag-iwanan. Maasikaso ito't maalaga sa kaniyang asawa. Minsan, nasilip niyang nakapatong sa likod ng asawa. Nagmamasahe. At nalunod sa kirot ang puso ni Rosa.

Naging hingahan niya rin ng pagod at problema si Sol. Wala na rin siyang maitatago rito. Ang kabiguang magkaanak. Maging ang pangangailangang init na hindi niya na mabingwit mula sa paralisadong asawa. Na kahit anong pagsagwan at pamamangka ang gawin niya sa asawa, ni hindi sila makarating sa pusod ng sarap at ligaya dahil sa nanlalambot nitong sandata.

Ngayon, nilapitan ni Rosa si Sol na abala na sa paghihiwa ng mga isdang idadaing. Kinuha niya ang isa pang kutsilyong pandaing. Bagong hasa. Matalim. Nanginginig ang kanyang kamay. Pumuwesto siya sa likod nito. Niyakap. Humarap si Sol habang tahimik na nagdayalogo ang kanilang mga mata. Maingat niyang ipinatong si Rosa sa mesang pinaglalatagan ng mga isda.

Mas maselan na ang susunod na proseso nang kanilang pagkakaliskis at pagdadaing. Higit na madugo. Malangsa.

## KALAT

"Bule ni iti mo! Alis diyan. Hangos[1] mo!" galit na sigaw kay Sissy ng mga taong kasama ko sa pila para sa ayuda ng pamahalaan. Araw ng Biyernes.

Naalala ko lang bigla. Mabait naman si Sissy. Hindi bayolente tulad ng iba. Palakad-lakad lang sa paligid ng banwa. Pakanta-kanta. Pasayaw-sayaw. Ni hindi ko alam kung may pamilya pa ito o wala. At kung sino ang nagpauso ng kanyang pangalang Sissy.

Minsan, mapapadpad ang kanyang mga paa sa aking munting tindahan ng kakaning latik. Kahit 'di siya humingi sa akin, aalis siyang may laman ang sikmura at may malagkit na ngiti. Ngunit, kahit nakaalis na siya, naiiwan pa rin ang singaw ng kaniyang katawan at damit na 'di na nakatikim pa kahit sabong panlaba. Maging ang pasan-pasang sako na naglalaman ng iba't ibang kalat na natitipuhan ng kanyang mga mata.

Kalsada na ang kanyang tirahan sa loob ng ilang dekada. Kung saan abutan ng pagkahapo't antok, dun na siya magpapalipas ng buong magdamag. 'Di ko rin lubos maisip kung paano siya nakaligtas sa pananalasa sa isla ng *super typhoon* Rolly noong isang taon. At ngayon, kung paano siya nakakailag sa banta ng pandemya. At malaya siyang maglabas-pasok sa barikada ng mga checkpoint na walang sumisita. Kahit walang *face mask.* Kahit walang *face shield.*

Ngayon, heto si Sissy sa plasa. Pilit nagsusumiksik sa puwang ng mga kagaya kong nasa pila. Walang muwang sa ipinatutupad na *health and safety protocols.* Walang muwang kahit man lang sa ayuda para sa katulad naming mahihirap.

"Bule ni iti mo! Hangos mo! Hindi ka puwede rito! Alis!" patuloy na sigawan ng mga nasa pila kay Sissy.

Kahit may mga *face mask,* nanunuot pa rin ang baho ni Sissy. Sumasama ang sikmura ng bawat malapitan niya.

Pilit siyang itinataboy palabas ng plasa—mula sa mga nakapila, nangangasiwa ng ayuda at hanggang sa mga nakauniporméng hanay.

Bago tuluyang makalabas ni Sissy, hinarap niya kaming lahat.

"Putang-ina niyong lahat! Basura kayong lahat!" dumadagundong na sigaw ni Sissy kasabay nang pagbalibag niya ng kanyang pasan-pasang sako.

Napatda kaming lahat. Tuluyan nang nakalayo si Sissy habang kumakanta. Habang sumasayaw. Naiwan ang mga basurang—isinuka ng kanyang sako. Nakasusulasok. Umaalingasaw.

[1]Hangos- mabaho

## PARAHAG-OT

"Nak, titigil ka ulit ngayong darating na pasukan. Ikaw na muna ang pumalit sa 'kin," bungad ni Pay Antoy sa anak na si Ronald habang dinadalahit ng ubo. Araw ng Linggo. Umaga.

Tuluyang napabalikwas nang bangon si Ronald sa kanilang papag. Nawala ang natitira pang antok. Nabigla sa agarang desisyon ng ama. Naisip ang mga nagdaang araw, buwan at taon na kasama siya ng ama sa pandarayuhan sa paghag-ot. Maging ang maaaring kahinatnan ng muling pagtigil.

Na tatalikuran muli ang eskuwela at tuluyang yakapin ang hag-otan kasama ang mga abaka. Na magiging permanenteng parahag-ot ng isla-lalawigan ng Catanduanes—na isa sa mga higanteng *supplier* ng bandala[2] sa buong Pilipinas na iniaangkat naman sa pandaigdigang pamilihan. At matali sa paghag-ot na isa ipinagmamalaki at pinagkukunang-yaman ng mga Catandunganon.

Batid ni Ronald ang hirap at sakripisyo ng ganitong hanapbuhay. Umulan man o umaraw, walang palya ang mga parahag-ot sa *pagsarad, pagsupnit, pagbutong* hanggang sa pagbilad ng mga hibla ng abaka. At kung maulan, hirap makatuyo ng bandala. Pumupula pa ang kulay. Mababa ang halaga.

Isa ang tatay niyang si Pay Antoy sa pinakamahusay at pinakamabilis na parahag-ot sa isla. Doble kayod sapagkat mahaba-haba na rin ang kanilang listahan sa tindahan na pinagkukunan nila ng buhay sa pang-araw-araw. Halos mapamura—ito kapag papel na lamang ang iniaabot sa kanya ng may-ari ng tindahan kapalit ng kanyang pinagpawisang bandala. Dagdagan pa nang wala sa planong pagbubuntis ng kanyang nanay. Halos taon-taon kung magluwal ng panibagong buhay.

Buong maghapon ang paghag-ot ni Pay Antoy. Halos walang pahinga. At magpapatuloy kahit gabi na. May pagkakataong halos hatinggabi na kung matapos ang kanilang grupo gamit ang mano-manong paraan ng paghag-ot. Higit na maganda kasi ang kalidad ng bandala sa mano-mano kung ihahambing sa gumamit ng makina. At dahil halos walang pahinga, bumigay rin ang katawan ni Pay Antoy. Nagpasyang tumigil at magpahinga muna.

"Na naman, Tay?" sagot niya sa ama.

"Bakit 'nak, nagrereklamo ka? Bule ni iti mo, nakita mo nang maysakit ang Tatay mo!" galit na segunda ng kaniyang nanay.

"Walong taon na po ako sa hayskul, Nay, ni hindi ko matapos-tapos."

"Pasalamat ka nga nakatungtong ka sa hayskul! Kami ng tatay mo hanggang elementarya lang!"

"Bule ni iti mo! Paghag-ot lang naman ang babagsakan mo katulad ko!" galit na segunda ni Pay Antoy.

Wala nang nagawa pa si Ronald. Hirap din baliin ang desisyon lalo't magkasamang inilubid ng kaniyang magulang. Sa hayskul na siguro siya magkakauban. Ayos lang naman sa kaniya kung madalas niyang talikuran ang klase sa loob ng ilang araw dahil sa pagtulong sa ama sa pandarayuhan sa paghag-ot. Ngunit, ang muling pagtigil, nangangahulugan ng mahabang panahon na namang pagkakadikit niya sa dagta ng mga abaka. At iatang sa kaniyang mga balikat ang pagiging padre de pamilya.

Marangal itong hanapbuhay. Ngunit, ni wala ngang yumayaman sa mga parahag-ot. Mayaman lang sa lista. At kung salantahin ng malakas na bagyo ang isla, tiyak, sira ang taniman ng abaka. At ilang taon bago ulit makapaghag-ot.

Ni hindi siya makapalag lalo't makikita niyang kapwa naghahabol ng hininga ang kaniyang magulang. At ang maraming bibig na aasa sa kaniya.

Kinabukasan na ang alis ng grupong sinasamahan ni Mang Antoy sa pandarayuhan. Nagpalista ulit ng konsumo sa tindahang pinagdadalhan nila ng bandala. Alam na ng grupo na si Ronald ang papalit sa ama. Ilang araw rin silang mamalagi sa hag-otan. Linggo sila bababa sa kapatagan para ipatimbang ang kanilang mga produktong bandala.

Bago lumakad, nagpaalam muna si Ronald sa kaniyang sana'y magiging *adviser.* Na titigil siyang muli sa pag-aaral.

"Ba't ka naman titigil, Ronald? Sayang na naman ang taon."

"Ayos lang po, ma'am. Pagiging parahag-ot na talaga ang aking kapalaran."

Pinaliwanag ng kaniyang *adviser* na hindi niya kailangang tumigil. Dahil sa pandemya, ipinagbabawal ang *face-to-face classes. Modular Distance Learning* ang paraan ng pagkatuto gamit ang mga *self-learning modules* at mga *activity sheets* na sasagutan sa bahay.

At dahil may edad na rin si Ronald, nangako itong tutulungan siyang makapag-enroll sa Alternative Learning System o ALS ng DepEd. Si Ronald ang pipili ng oras at araw na siya'y bakante at kung kailan siya pupuntahan sa bahay ng magiging ALS Teacher niya.

Nagpasalamat si Ronald sa guro at magalang na nagpaalam. Buo na ang desisyon niya. Wala nang makakapagpabago. Desisyon na maging parahag-ot para sa pamilya. At humawak ng bolpen, papel at aklat sa araw ng Linggo—pagkababa nila galing sa hag-otan.

[1]Parahag-ot- abaca stripper
[2]Bandala- manipis na hibla ng abaka
pagsarad, pagsupnit, pagbutong- proseso mula sa pagtatabas hanggang sa pagkuha ng hibla ng abaka